


Nabibitbit na hagdanan/workbench

(1) Nabibitbit na Hagdanan/Workbench

Tiyaking isagawa ang inspeksiyon sa simula!

Suriin natin ang bawat bahagi

- mga maluluwag na turnilyo
- mga bahaging nakakalal
- pagkakabago ng anyo ng mga bahagi, pinsala



(2) Patihayang pagkakahulog sa workbench

Pagbabang nakatalikod at pagkakahulog

Sitwasyon ng kaganapan

Pagtalikod sa workbench paghawak ng kagamitan sa isang kamay, nadulas at nahulog.



Pagkakahulog habang may dala-dalang bagay at umaakyat sa workbench.

Sitwasyon ng kaganapan

When climbing the workbench with the necessary items for work, it loses balance and falls

Kapag umaakyat sa

workbench dala ang mga

kailangang bagay para sa trabaho, mawawalan ito ng balanse at mahuhulog



Mga bagay na susundan

1. Huwag umakyat at bumaba nang may dala sa isang kamay.
2. Huwag umakyat at bumaba nang nakatalikod sa workbench.
3. Umakyat at bumaba nang nakahawak ang isang kamay sa mga grab stick o pangunahing frame.

(3) Pagkahulog sa trabaho nang may pangontrang puwersa



Sitwasyon ng kaganapan

Sa oras ng pagtali ng pampatibay na bakal ng biga, nahulog ang nabibitbit na workbench bilang reaksiyon noong bahagyang itinulak ng trabahador ang biga patalikod.

Mga bagay na susundan

1. Huwag puwersahin na itulak o hilain ang dingding o ang isang bagay sa nabibitbit na workbench.
2. Huwag magtrabahong nakasandal sa isang plataporma.
3. Huwag maglagay ng mga bagay-bagay kung saan nakapuwesto ang workbench.


(4) Pagkahulog mula sa isang workbench na nakapuwesto sa isang lugar na hindi patag

**Sitwasyon ng kaganapan**

Kapag nagpupuwesto ng nabibitbit na workbench, ilagay ito sa 15 cm na taas na kahon kung saan ang isang paa ay naiaakma sa kaibhan ng lebel ng sahig. Pagkatapos, noong sinusubukan tumuntong sa deck ng workbench, nawala ang balanse at mahuhulog ang trabahador mula sa workbench.

Mga bagay na susundan


1. Huwag ilagay ang workbench sa base o kahon para pagbalansehin ang taas.
2. Huwag hayaang tumuntong nang sabay ang higit sa dalawang tao sa plataporma.

(5) Pagkahulog habang inilalagay ang nabibitbit na hagdanan sa workbench**Sitwasyon ng kaganapan**

Dahil sa ang taas ng workbench ay kulang, ang isang nabibitbit na hagdanan ay ipinatong sa workbench, ang isang trabahador ay nahulog dahil sa nawalan ng balanse dahil sa pag-uga ng hagdanang nabibitbit.

Mga bagay na susundan

1. Huwag magpatong ng nabibitbit na hagdanan o bangko sa workbench.
2. Ilagay ang workbench sa naaangkop na taas.


(6) Ang paa ng nabibitbit na workbench ay pumasok sa butas ng sleeve at nahulog**Sitwasyon ng kaganapan**

Isinet up ng isang trabahador ang nabibitbit na workbench nang hindi napansin na ang isa sa mga paa ay nasa butas ng sleeve na hindi nakikita dahil sa limewash, at noong umakyat ang trabahador sa workbench, bumaon ang paa ng workbench sa butas ng sleeve at nahulog.

Mga bagay na susundan

Kapag naglalagay ng nabibitbit na workbench, tiyaking ang mga paa ay ligtas na nakapatong bago magtrabaho.

(7) Aksidenteng dulot ng mga maling operasyon ng mga sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador (aerial work vehicle)



Sitwasyon ng kaganapan

Habang inaayos ang pampatibay ng steel-framed beam (SRC) sa sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador, nasagi ang katawan ng trabahador sa operation lever dahil sa hindi angkop na galaw na naging sanhi ng maling paggana ng sasakyan.

Mga bagay na susundan

1. Maingat na tiyakin ang posisyon ng control lever at pagtuonan ng pansin hindi ito magalaw.
2. Huwag magtrabaho sa alanganing posisyon.
3. Ibaba ang workbench sa pinakamababang posisyon bago ito ilipat.

(8) Para maiwasan ang mga pinsala mula sa mga nabibitbit na workbench at sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador (buod)

- Huwag kailanman bumaba nang nakatalikod sa workbench
- Huwag kailanman magtrabaho nang nakasandal ang iyong katawan.
- Huwag puwersahin na itulak o hilain ang dingding o ang mga bagay sa nabibitbit na workbench!
- Ang pagpapatayo ng nabibitbit na workbench ay dapat na pahiga at sa matatag na lugar!
- Ipinagbabawal ang dalawang trabahador sa nabibitbit na workbench! Ipinagbabawal ang paglipat sa susunod na workbench!
- Huwag maglagay ng nabibitbit na hagdanan sa nabibitbit na workbench, kahit na hindi sapat ang taas nito!
- Huwag tumapak sa mga materyales kapag nagtatrabaho sa sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador!
- Huwag magtrabaho sa alanging posisyon sa sasakyang may yunit na pang-angat sa trabahador!

Habang nagtatrabaho sa lugar ng konstruksiyon, madalas na makalimutan ng mga tao na sila ay nagtatrabaho sa mapanganib na lugar. Nasasanay ang mga tao sa kanilang mga kapaligiran. Palaging tandaan na malapit na malapit kayo sa panganib sa lugar ng konstruksiyon.